BAKUNA SA COVID-19

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.

NGAYON, MAYROON NA PARA SA EDAD NA 12 AT PATAAS

PROTEKTAHAN ANG IYONG ANAK.

PROTEKTAHAN ANG IYONG KOMUNIDAD.

Pinakaligtas ang mga bata at kabataan kapag sila ay bakunado.

Pinoprotektahan ng bakuna ang lahat, kabilang ang mga bata at kabataan, mula sa pagkahawa ng COVID-19. Pinipigilan din ng bakuna ang mga bata at kabataan mula sa malubhang pagkakasakit kung magkakasakit man sila.

Mayroong bagong mga variant ng COVID-19, kabilang ang Delta variant, na mas madaling kumalat at maaaring magsanhi ng mas malubhang mga sintomas. Pinoproteksiyonan ng bakuna laban sa variant tulad ng Delta.

Ang pagbabakuna sa mga bata at kabataan ay nagpoprotekta sa buong komunidad.

Kapag nabakunahan ang isang tao, mas mahirap kumalat ang COVID-19 sa iba. Kapag ang mga kwalipikadong mga bata ay bakunado, pinoprotektahan nito ang:

- Kanilang mga kaibigan at pamilya na hindi pa bakunado.
- Ang mga matatanda at may ilang kondisyong medical ay mas mataas ang panganib sa lubhang pagkakasakit gawa ng COVID-19.

Habang dumadami and mga bata at ang mga hustong gulang na bakunado, mas madali na mapanatiling bukas ang mga eskuwelahan at kalakalan.

LIGTAS AT MABISA

- Walang ibang bakuna ang nasubok gaya nito para sa kaligtasan nito sa kasaysayan ng Estados Unidos.
- Ang bakuna ay napatunayang ligtas para sa mga bata, kabataan, at hustong edad, kabilang na ang ibat-ibang lahi, etnisidad, at edad.
- Walang ebidensya na ang inyong anak na hindi magkaroon ng sariling anak balang araw.

LIBRE PARA SA LAHAT

- Ikaw at ang iyong anak ay maaaring makakuha ng libreng bakuna anupaman ang **katayuan sa imigrasyon**.
- Ikaw at iyong anak ay hindi kailangang **magpakita ng ID** o mayroong **seguro sa kalusugan** upang makatanggap ng libreng bakuna.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus

Ano ang aasahan

Kapag ang iyong anak ay bakunado laban sa COVID-19, ligtas silang makababalik sa karaniwang mga gawain tulad ng pagpasok sa paaralan, paglalaro ng isports, at pagbisita sa mga kaibigan at pamilya.

Sa appointment:

- Bago bigyan ng nars o doktor ang iyong anak ng bakuna, kakausapin ka nila tungkol dito, rerepasuhin ang medikal na kasaysayan ng iyong anak at tatanungin ka kung mayroon kang anumang mga tanong.
- Kailangang manatili ang inyong anak ng 15-30 minuto upang makatiyak na walang reaksyon sa bakuna.

Ang banayad na pangalawang mga epekto ay karaniwan

HINDI ibig sabihin ng pangalawang mga epekto na mayroong COVID-19 ang iyong anak.

Ibig sabihin ng pangalawang mga epekto na tinuturuan ng bakuna ang katawan ng iyong anak kung paano labanan ang COVID-19.

Maaaring kasama sa banayad na pangalawang mga epekto:

- ☐ Pananakit o pamamaga sa braso kung saan ibinigay ang bakuna
- ☐ Pagod
- ☐ Pananakit ng ulo
- ☐ Pananakit ng kalamnan
- ☐ Giniginaw
- ☐ Lagnat
- ☐ Pagduduwal

Ang malubhang pangalawang mga epekto ay napakabihira

Ligtas ang mga bakuna. Mas malamang na lubhang magkakasakit ang iyong anak mula sa impeksyon sa COVID-19 kaysa sa bakuna.

Maliit na bilang ng mga kabataan ang nakaranas ng pangalawang mga epekto tulad ng pamamaga ng puso (tinatawag na myocarditis o pericarditis) o namumuong dugo.

- Ang malubhang pangalawang mga epekto ay **napakabihira**
- Ang malubhang pangalawang mga epekto ay **nagagamot** at karamihan sa mga tao ay gumaling
- Ang benepisyo ng bakuna ay higit na mas malaki kaysa sa anumang panganib mula rito

TANUNGIN ANG IYONG DOKTOR PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kausapin ang doktor o nars ng iyong anak upang malaman ang higit pa tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 at ibang mga bakuna na maaaring kailangan ng iyong anak.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus